HINAHAMON KO SI HENERAL ESPERON AT SI GINOONG RAZON: KUNG TOTOONG AYAW NINYONG BABUYIN NG MGA POLITIKO ANG MILITAR AT PULISYA, ITIGIL NINYO ANG PAGPAPAGAMIT KAY ARROYO. SI ARROYO AY HINDI ANG GOBYERNO; ANG MGA LUMALABAN SA KANYA AY HINDI KAAWAY NG TAO KUNDI KAAWAY NG MGA MAGNANAKAW SA KABAN NG BAYAN.

HINAHAMON KO KAYONG DALAWA: KUNG TOTOONG PROPESYONAL KAYO AT WALANG PINAPANIGAN, HUMARAP KAYO SA SENADO, NA SIYANG KINAKATAWAN NG TAO, AT ISIWALAT ANG MGA NALALAMAN NINYONG KATIWALIAN SA GOBYERNO.

MULA SA HELLO GARCI, KUNG SAAN PATI ANG CLERK NA SUNDALO NA NAG-ENCODE SA REPORT NI ADMIRAL MAYUGA AY HINDI NANINIWALANG WALA KANG SABIT SIR ESPERON, HANGGANG SA ZTE, AT SA IBA PANG MGA ANOMALYANG NAPAPANIWALAAN NG KARAMIHAN NG MGA PILIPINO NA TINULUNGAN NINYONG PAGTAKPAN.

SIR, HINDI PA HULI ANG LAHAT PARA UMPISAHAN NINYO NANG PAGLINGKURAN NG TAOS PUSO ANG INANG BAYAN. HUWAG NINYO NANG UTUSAN ANG MGA SUNDALO NA MANIKTIK AT MANAKOT NG MGA LUMALABAN KAY ARROYO. HINDI RIN DAPAT GAMITIN ANG MGA PULIS PARA I-DISPERSE ANG MGA NAGRA-RALLY PARA SA KATOTOHANAN. AT HUWAG NINYONG IPAGPILITAN NA ANG CHAIN OF COMMAND AY NAGTATAPOS KAY ARROYO.

NGAYON, INUULIT KO: DAPAT NA BUMABA SA PWESTO ANG PEKENG PANGULO, O PAALISIN SA MAPAYAPANG PARAAN KUNG AYAW NIYANG MAKINIG SA TAONG BAYAN. ANG MGA SUNDALO AY SUMUSUNOD LAMANG SA MGA SIBILYAN. MAKAKAASA ANG PILIPINO: MARAMI PANG SUNDALONG NAGSISILBI SA BAYAN. IPAGTATANGGOL NAMIN KAYO AT ANG ATING DEMOKRASYA.